


Ano ang ibig sabihin ng bilang na ito?

4 8 7

Ito ang bilang ng kumunsultang mga banyagang residente tungkol sa iba't ibang problema noong nakaraang 2004



Ang Fujimino International Cultural Exchange center ay nagsisilbing tagapayo para sa mga dayuhang naninirahan sa Fujimishi, Kamifukuokashi, Oimachi and Miyoshimachi.

Makikita sa diagram sa itaas ang iba't ibang klase ng problemang idinulog sa center. Pagpapayo sa Edukasyon (27%) ang siyang pinakamarami – pagsasagawa ng mga kasulatan sa pagpasok sa eskwelahan, paghingi ng tulong ukol sa pag-aaral ng bata at iba pang problema. Ang kunsultasyon sa pamumuhay (12%) - pagproseso ng paghingi ng sustento, pag-apply sa public pension plans at health insurance, problema sa kapitbahay o lugar na tinitirhan, aksidente, at iba pang mga problema sa pamumuhay. Pagpapayo sa problema tungkol sa pamilya (9%) - pagpa-file ng divorce, problema ng mag-asawa, domestic violence o pagmamalupit sa asawa o anak, at iba pa.

Ang FICEC ay nandito para makatulong sa inyo. Ang ano mang pagpapayo ay libre kaya huwag mag-atubiling dumulog sa center. Habang hindi pa lumalala ang problema, tumawag at kumunsulta.

1. Tumawag para kumunsulta habang hindi pa lumalaki ang problema o suliranin
2. Maliit mang problema mas maiging ihingi ng payo kesa sarilinin.
3. Huwag mag-atubiling tumawag, ituring na kagaya sa malapit na kaibigan.
4. Maaring isiping masyadong nakikialam-- hangad lamang namin na kayo ay matulungan

Extension line para sa Pagpapayo 049-253-7744

INFORMATION

<Palawakin natin ang pagkakaibigan>

☀ Sumali tayo sa Fujimino International Wai-wai club!!

Halina at sumali tayo sa iba'ibang aktibidades ng "Wai-wai club" Kasama ang mga batang anak ng mga dayuhan ay sama-samang magkakasayahan, mag-aaral tungkol sa iba'ibang kultura atbp.

<Sino > mula grade 1 ng elementarya hanggang ikalawang baitang ng junior high school

<Kabayaran para sa buong taon> 4,000 yen (kasama ang insurance premium, gastos sa pagpapadala ng sulat, mga aktibidades at pamasaha para sa ebento nos 3 • 4 • 6 sa taong ito)

* Kung kayo ay sumali sa kalagitnaan ng taon o sumama sa camping ang inyong kabayaran ay iba kesa sa buong taong kabayaran

<Aplikasyon> Tumawag at magpalista lamang sa Wai-wai club. Padadalhan kayo ng forma at kopya tungkol sa iba't ibang ebento ng club.

<Iskedyul para sa buong taon>

Petsa, mga programa at lokasyon

May 14th (Sat.) Una: Kung ang mundo ay "Baryo ng Wai-wai " sa Fujimino Koryu Center

June 11th (Sat.) Pangalawa: Gumaw tayo ng *Bibinba!* sa Fujimino Koryu Center

July 9th (Sat.) Pangatlo: Skating sa summer" sa Tobu Kawagoe Skate Center

Aug. 5th (Sat.) Pang-apat: Camping sa National *Bandai Seinen no Ie*

Sept. 10th (Sat.) Pang-lima: "Ikaw ay isang fireman" sa Fujimino elementary school (plano)

Oct 8th (Sat.) Pang-anim: Paglalakbay sa Tsina (Yokohama China town)

Nov. 12th (Sat.) Pang-pito: Palaro ng Wai-wai ,(hindi pa sigurado kung saan gaganapin).

Dec.10th (Sat.) Pang-walo ebento: mga Wai-wai detectib pumunta sa bayan (wala pang siguradong lugar)

Nangangailangan ng mga banyagang Internet Monitors

- 1 Bilang ng kailangang monitors: mga 100 katao
- 2 Kwalipikasyon: 20 taong gulang pataas nakarehistrong dayuhang residente sa Saitama may valid status o bisa marunong gumamit ng computer o web at mag-email sa Nihonggo
- 3 Gawain: pagsagot sa questionnaire at pagbibigay ng suhestyon sa upisina ng rehiyon
- 4 Kontrata: June 2005 hanggang March 2006 (plano)
- 5 Aplikasyon: mag-email sa Int'l Sect.
.http://www.pref.saitama.lg.jp/A02/BQ00/index.htm
- 7 Katanungan: The International Section of Saitama prefectural office
TEL 048 - 830 - 2717

Forum para sa Japanese at mga banyaga sa lokal na komunidad *Pangarap na Komunidad*

Pagsasalita tungkol sa mga gawain ng FICEC at pagpapalitan ng ideya at kuru-kuro tungo sa mas kaayaayang komunidad. para sa mga iba'ibang tao na may iba't ibang cultural.

Petsa at Oras: June 5th (Sun.) 12:30~

Lugar: Fujimino Koryu Center main hall (maaring lakarin, 5 minuto east exit ng Fujimino station) TEL 049-261-5371

Bayad: ¥500 (¥300, membro ng FICEC)

Aplikasyon: Hanggang May 30th (Mon.)

Tell 049-275-0370

Fax 049-275-0371

Sa pamumuno ng: Fujimino International Cultural Exchange Center

3-22-22, Hanesawa, Fujimishi